


# 15 APP NA DAPAT MALAMAN NG MGA MAGULANG

## SNAPCHAT



Ang **SNAPCHAT** ay isang app para mag-share ng litrato at video na nangangakong mawawala ang kanilang photo o video kahit na hindi. Ang mga Snapchat story ay nagpapahintulot sa mga user na tingnan ang content ng hanggang 24 na oras at mag-share ng kanilang lokasyon

## TIK TOK



Ang **TIK TOK** ay isang app na popular sa mga bata na ginagamit sa paggawa at pag-share ng maiikling video. Sa mga napakalimitadong kontrol sa pagkapribado, bulnerable ang mga user sa cyber bullying at mahahalat na content.

## OMEGLE



Ang **OMEGLE** ay isang app na may slogan na: "Makipag-usap sa mga Estranghero!" Pinahihintulutan nito ang mga user na makisalamuha sa iba nang hindi na kinakailangang magparehistro. Random na pinapares ng serbisyo ang mga user sa isang one-on-one na sesyon ng chat kung saan nakikipag-chat sila nang hindi ibinibigay ang pangalan gamit ang "Ikaw" at "Estranghero"

## WHISPER



Ang **WHISPER** ay isang uri ng social media na hindi nagpapakilala ng sarili, na nagpapahintulot sa mga gumagamit na mag-post at mag-share ng litrato o mga mensaheng video nang hindi nagpapakilala sa mga estranghero. Isinisiwalat din nito ang lokasyon ng user para magkita ang mga tao.

## ASK.FM



Ang **ASK.FM** ay nagpapahintuloy sa sinumang mag-post ng mga komento at tanong habang hindi ipinakilala ang sarili sa profile ng isang tao at mas lalo na ngayong ginagamit bilang paraan ng pagpaparing ng mapang-abuso, nambu-bully, at sekswal na content.



## MEETME



Ang **MEETME** ay isang dating social media app na nagpapahintulot sa mga user na kumonekta sa mga tao batay sa pagiging malapit ng kanilang lokasyon. Hinihikayat ng app ang mga user na magkita sa personal.

## WHATSAPP




Ang **WHATSAPP** ay popular na messaging app na nagpapahintulot sa mga user na magpadala ng mga text, litrato, voicemail, at tumawag at mag-video chat. Hindi ito nangangailangan ng cell service at gumagamit ng koneksyon sa internet sa mga phone at computer.

## CALCULATOR%



Ang **CALCULATOR%** ay isa sa ilang istilong "vault" o mga sikretong app na mukhang hindi nakakapinsalang app, ngunit ginagamit para itago ang mga litrato, video, file, at browser history.

## DISCORD



Ang **DISCORD** ay isang voice at text chat tool na nagpapahintulot sa mga gamer na makipag-usap sa real time habang naglalaro ng mga video game. Tinatalakay sa app na ito ang content na nakatuon sa mga nasa hustong gulang, ngunit pinahihintulutan din ang mga user na kasing-bata ng 13 taon.

## TUMBLR



Ang **TUMBLR** ay isang blogging app at website na nagpapahintulot sa mga user na kasing-bata ng 13 taong gulang na gumawa ng account. Ipinapakita ang iba't ibang content kabilang ang mga hindi naaangkop na litrato, pagpapakita ng paggamit ng droga, at nakakasamang lenggwahe. Madaling mahanap ang pornograpiya at ang mga post ay madalas na kinokopya at isini-share.

[WWW.SVICAC.ORG](http://WWW.SVICAC.ORG)

# Hatid ng Silicon Valley Internet Crimes Against Children Task Force ng San Jose Police Department na Nakatuon para Gawing Mas Ligtas na Lugar ang Internet

## YOUTUBE KIDS




Ang **YOUTUBE KIDS** ay isang alternatibo sa Youtube na may mga video na nakatuon sa mga batang mga preschooler at tween. May ilang kontrobersya sa app sa ilang hindi naaangkop na anunsyong nakakapasok, ngunit mabuti ito sa pagkontrol ng magulang kaysa sa Youtube. Nangangailangan pa rin ng pagbabantay ng magulang!

## KIK MESSENGER



Ang **KIK MESSENGER** ay isang app na ginagamit sa pakikipag-usap sa mga kaibigan sa mga group chat o mga direktang mensahe. Ngunit pinahihintulutan ka ring makipag-chat sa mga estranghero sa pamamagitan ng pag-access ng mga pampublikong chat para pag-usapan ang mga interes o sa pamamagitan ng paggamit ng search function.

## LIVEME



Ang **LIVEME** ay isang tool para sa pag-broadcast ng mga live-streaming na video at para manood ng mga video ng iba. Tinutukoy sa mga tuntunin sa paggamit na maging hindi bababa sa 18 taong gulang ang mga user o magkaroon ng pahintulot mula sa magulang, ngunit ang mga batang nagdadalaga at nagbibinata ay madalas na natatagpuang nagbo-broadcast.

## YUBO (formerly YELLOW)



Ang **YUBO** ay madalas na tinatawag na "Tinder para sa mga nagdadalaga at nagbibinata" dahil nagsu-swipe nang pakanan o panaliwa para tanggapin o tanggihan ang mga profile ng ibang mga user. Kung ang dalawang tao ay nag-swipe nang pakanan sa isa't isa, maaari silang mag-chat at magtagpo sa pamamagitan ng Snapchat o Instagram

## AUDIO MANAGER



Ang **AUDIO MANAGER** ay isa pang app a idinisenyo bilang istilong "vault" o sikretong app. Wala itong kinalaman sa pamamahala ng musika at idinisenyong magtago ng mga mensahe, litrato, video, o iba pang app.